

## 1



Hindi mahilig sa bars si Dr. Declan Jacinto. Which was why it was ironic that he ended up as the resident doctor at *Obsidian*, ang exclusive club sa hotel na pagmamay-ari ng kanyang kababata at best friend na si Quin.

Parehong galing sa prominenteng mga pamilya ang magkaibigan. Si Declan ay nagmula sa pamilya ng mga doktor at si Quin, sa pamilya ng mga politicians. Declan was considered the good kid while Quin had always been the rebel and family black sheep. Siguro ang pagkakaiba nila sa ugali ang nagbuklod sa kanila para maging magkaibigan.

They were fresh out of college and in the middle of a binge drinking spree to celebrate their graduation bago siya dumerecho sa med school at bago mag-law school si Quin, nang balingan siya ng kaibigan at sabihang, “Dec, magtayo tayo ng sex club.”

Akala niya lasing lang si Quin noon at alkohol ang nagsasalita para rito kaya hindi niya iyon sineryoso. But a few months later, Quin had defied his family’s expectations. Hindi ito tumuloy sa law school. Instead, he bought an old hotel, closed it down and renovated it into something modern and different.

A year later, his friend had opened the doors of *Obsidian*.

Nang sa wakas ay ganap nang doktor si Declan, inalok siya ni Quin ng posisyon bilang chief medical officer ng hotel. It was an offer he'd be stupid to refuse. He would have his own practice, be independent enough to do anything else he wanted, be paid a ridiculous amount of money because he was on retainer, and technically be his own boss.

His other option was to become the resident doctor sa isa sa mga ospital na pag-aari ng pamilya niya kung saan magiging isa lang siya sa maraming 'Dr. Jacinto' at *mananagot* sa lahat ng mga kuya at mga tito at tita niyang mas mataas ang posisyon sa kanya.

Apparently, may rebellious streak din siya dahil tinanggap niya ang alok ni Quin and he had never looked back. Wala siyang pinagsisisihan, ni katiting man.

Pumasok si Declan sa *Club Obsidian* mula sa private entrance. He was immediately assaulted by the loud, thumping beat of the music and the darkness in the club. A guy was grinding against a woman he had pressed against the wall immediately to the door's left. Another couple was kissing at a booth to the right, obviously groping each other underneath the table.

Noong unang beses na pumasok siya sa bar, na-shock si Declan sa mga nakita. He wasn't conservative by far, pero hindi siya iyong klase ng lalaking makikipag-sex sa publiko. Apparently, he was one of the few guys left who didn't—kung ibabase sa mga nagaganap sa club gabi-gabi.

Di nagtagal, nasanay na rin si Declan. Gayunpaman, hindi pa rin niya makita ang sarili na ginagawa ang mga nakikita sa bar. Sure, he was open to the idea, pero pantasya lang. Possessive at protective siya pagdating sa partners niya. He couldn't imagine letting someone else see a woman he cared enough about to have sex with, naked, much less while

having sex with him.

Dumerecho siya sa bar area sa restaurant sa tabi ng club kung saan mas mahina nang bahagya ang music at mas maliwanag nang kaunti ang ilaw.

“Hey, Doc!” bati sa kanya ni Eric, ang bartender, nang maupo siya sa stool sa tapat nito. “What can I get you?”

“Something non-alcoholic, Eric,” nakangiti niyang saad. “I’m on call.”

“I have just the thing,” sabi nito bago lumayo. Buti na lang talaga at parang dating empleyado ng *Fruitas* itong si Eric at marunong magtimpla ng mga fruit drinks.

Habang naghihintay, patingin-tingin si Declan sa mga mesa sa bar area. May mga naghahalikan din but he was too used to those to avert his eyes anymore. Pero di tulad sa dance area kung saan parang nagtatangkang mag-orgy sa dance floor ang mga tao, karamihan sa mga nasa bar area ay magkakaparehang magkakalapit ang mga ulo at nag-uusap lang.

Nagtungo sa isang mesa ang mga mata niya kung saan nakaupo ang dalawang babae at isang lalaki. Hindi na rin bago kay Declan ang makakita ng ganoon o ng same-sex couples. Immune na yata talaga siya sa kahit ano. Hindi na siya nagugulat—

Pero lumipad pabalik sa tatlo ang mga mata niya dahil sigurado niyang nagkamali siya ng nakita. Pero *hindi*. Kahit pa ilang beses siyang kumurap, hindi siya namamalik-mata lang.

Ang babaeng nakaupo sa sulok ay walang iba kundi si Antonella Tanseco, ang baby sister—emphasis sa *baby*—ni Quin. *Ilang taon lang ba ang batang ’to?*

Uminit ang ulo ni Declan. Ano ang ginagawa ni Antonella sa loob ng club? He was sure she was underage.

O hindi na ba? Ganoon na ba siya katanda?

Well, kahit pa nasa tamang edad na ito, sigurado siyang masyado itong inosente para prenteng maupo sa gitna ng isang lugar tulad ng *Obsidian*.

Hinuli niya ang tingin ni Eric at sumenyas dito bago siya tumayo para lumapit sa mesa ng tatlo. Binilisan niya ang lakad nang makitang may dalawang lalaking tumayo mula sa table sa dulo at tila ba doon din ang punta sa mesa ni Antonella. Hindi siya papayag na maunahan siya ng mga ito na marating ang table ng babae kahit pa kailanganin niyang tumakbo at lundagin ang mga mesang nakaharang sa pagitan nila.

Hindi yata siya nakita ni Antonella dahil patuloy ito sa pakikipag-usap sa mga kasama nitong tingin niya ay mas bata pa kaysa rito. Hindi rin siya nito tiningnan kahit pa nakatayo na siya sa tapat ng mesa nito. Nagpatuloy lang ito sa pagkukuwento sa mga kasama.

Magkaibigan na sila ni Quin nang ipanganak ng mommy nito si Antonella. They were both eleven years older than she was. Hindi na siya virgin nang una itong pumasok sa eskuwela. And when she first practiced her flirting skills on him, he was already in med school and thought it had been cute.

That was until she kissed him. She actually sat on his lap and kissed him!

Noon na kumaripas ng takbo si Declan. Hindi, hindi dahil sa hinalikan siya ng isang kinse anyos na bata, kundi dahil na-realize niyang gusto rin niya itong halikan. Pervert lang, di ba? Dahil bente-seis na siya noon.

He was thirty-three now so hindi na nga pala masyadong baby si Antonella. But still, this was no place for her.

Especially not when she was wearing a black lacy camisole with a square neckline that showed a considerable expanse of creamy skin and more than a little bit of her cleavage. It bothered him because he knew exactly when she started growing those breasts.

Her hair was up in a careless style with tendrils falling down the sides of her face. At nanlaki ang mga butas ng ilong ni Declan nang makita ang suot nitong pulang choker sa leeg nito.

The ribbons were worn by the club patrons to indicate their preference. Men wear theirs on their wrists while the women around their necks. White ribbons meant they were submissive and black ribbons meant they were dominants. Red ones, like the one Antonella wore, meant they were neither. Gayunpaman, ang ibig sabihin ng pagsusuot ng ribbon na iyon ay bukas ito sa mga maaaring maganap sa loob ng *Obsidian*.

Una siyang napansin ng kasama nitong babae na tumingala sa kanya, namimilog ang mga mata. Di gaya ni Antonella, wala itong suot na choker. Agad nitong kinalabit ang dalaga at itinuro siya. Noon lang siya tinapunan ng atensyon ng babae. Gaya ng kaibigan nito, tiningala rin siya ni Antonella bago ito nagpakawala ng isang mabagal na ngiting nadama niya hanggang sa kaibuturan ng kanyang pagkatao.

Mabilis itong tumayo at nabigyan si Declan ng full view ng suot nito. The skirt she was wearing with her top flared over her hips before stopping mid-thigh to show a strip of bare skin before her black, thigh-high, heeled boots began about an inch above her knees.

Nope, she was definitely not fifteen anymore.

Ngumiti ito sa kanya, her lips a bold, dark red bago nito

ipinatong ang isang palad sa balikat niya at hinalikan siya sa gilid lang ng mga labi.

“Hello, Declan,” she said.

Bakit ngayon lang niya napansing maging ang boses nito ay nagbago na? Mas mababa na, mas sexy. It wrapped around him the way he imagined silk sheets would wrap around him in the darkness, the way he suddenly wanted her mouth wrapped around his dick.

Ang kaisipang iyon ang nagtulak sa kanyang gawin ang susunod niyang ginawa. Hinablot niya ang kamay ni Antonella.

“Excuse us,” sabi niya sa mga kasama nito bago kinaladkad ang babae palabas ng bar, papunta sa private entrance ng *Obsidian*.

Hindi niya pinansin si Rob na bouncer doon, na curious siyang sinundan ng tingin nang lumabas sila ni Antonella sa maliwanag na hallway papunta sa mga elevators.

Inisandal niya si Antonella sa dingding at hinawakan sa magkabilang mga balikat. He looked at her from her curls to her hot-as-hell shoes back to her eyes that looked anything but innocent with all that dark, smoky makeup.

And then he frowned.

“What the f\*ck are you doing here?”



*Seriously? That's all he's going to say to me?* gigil na tanong ni Antonella sa isip. Para kasi siyang nakasakay sa kotseng napakabilis ng takbo pagkatapos ay nabangga sa pader sa tanong nitong iyon.

Matapos niyang magpakapuyat kakapanood ng *YouTube* tutorials sa paglalagay ng makeup at matapos niyang i-practice ang pagsusuot ng ganitong uri ng boots, iyon lang ang reaksiyon ng tinamaan ng magaling na lalaki?

Itinulak niya ito palayo at nadama ang matigas na muscles ng dibdib nito sa ilalim ng kanyang palad. She almost couldn't pull her hand away. Umatras si Declan. Sigurado niyang lumayo ito hindi dahil malakas siya kundi dahil sarili nitong desisyon ang lumayo sa kanya.

“What are you doing here?” ulit nito, matigas ang tono.

She felt her body melt the way it always did since she had been eleven and he was nearby. Dapat ba niyang papalitan ang suot niyang choker? Parang submissive yata talaga siya.

Pero sa kabila ng nadaramang excitement dahil muli niyang nakita ang first love at enduring crush niya, at ng kaba na rin dahil sa parehong dahilan, tiningnan niya ito nang derecho sa mga mata.

“I'm here because I want to be here,” sabi niya rito.

“And your brother actually allowed you to come here?” hindi makapaniwalang tanong nito. “Sino ang nag-imbita sa 'yo rito? Alam ba ni Quin na nandito ka?”

She shrugged dismissively. “Relax, Dec. Si Kuya Quin ang nag-invite sa 'kin.”

“What?” bulalas nito na nanlalaki ang mga mata. “What the f\*ck was he thinking? You shouldn't be here!”

She crossed her arms over her chest. “And why not?”

“You're too young!”

She blew out a frustrated breath. “I'm twenty-two! God, Declan! Sa tingin mo ba naka-diapers pa rin ako hanggang ngayon?”

Bumaba sa katawan niya ang mga mata nito. At sa kabila ng pagsubok nitong itago ang reaksyon, she still saw the gratifying flare of heat in his eyes.

“You're too... too...”

Mapanghamon siyang humakbang palapit. Napipikon

na siya. Of all people, she wanted Declan to take her seriously.

“Too what, Dec?” she spat out. “Gusto kong marinig kung ano pa ’yang mga naisip mong excuse para paalisin ako dito.”

“You’re too innocent,” he bit out, the expression on his face harsh.

Hinila niya palayo ang braso. “I’m not *that* innocent anymore, Declan,” mariin niyang saad. True, nakapanood na siya ng porn ngayon at nagbabasa na ng erotic romance stories. Hindi na inosente masyado iyon, di ba? “But I don’t expect you to notice.”

Pagkatapos ay tuluyan na niya itong tinalikuran at iniwan.

She had been eleven when she realized she had a crush on him. Mabait kasi ito, mahaba ang pasensya at hindi siya tinatratong parang bata. He had been her first date.

Valentine’s noon at naiwan siya sa bahay dahil nag-date ang parents niya at may girlfriend naman ang kanyang Kuya Quin. Dumaan si Declan sa bahay nila, may iiwan para sa kuya niya, at napansing malungkot siya. Nagkataong single din ito noon at inaya siya nitong lumabas.

Pizza lang at ice cream, at naglaro sila ng games sa isang arcade kung saan ipinanalo siya nito ng isang higitang stuffed toy mula sa isang claw game, pagkatapos ay inihatid na siya nito sa bahay. Inosente lang, isang lakad na gagawin ng magkapatid pero hindi iyon malilimutan ni Antonella. Tumatak iyon sa kanyang batang romantic na puso.

When he left for the States to study at *Harvard Medical School*, she had been heart-broken. Sumama siya sa paghatid dito sa airport noon kung saan iyak siya nang iyak habang nagpapaalam dito. He had kissed her on the cheek, her first



kiss, and hugged her tight, and promised to call and write to her, na tinupad naman ng binata.

That was until she had kissed him when she was fifteen. Umuwi kasi ito para magbakasyon at dumalaw sa kanya para bigyan siya ng pasalubong. Naiwan sila sa garden at noon niya ginamit ang mga natutunan niyang flirting skills na ngayon ay alam na niyang nakakatawa at childish.

Hinayaan lang siya ni Declan, tipid ang ngiti at halatang naaaliw sa kanya. Pero nang lumapit siya at halikan na ito sa mga labi, nadama niya ang pagkabigla nito sa ginawa niya, ang sandaling pagkalito, bago ito mabilis na tumayo. Sobrang bilis na muntik na siyang nahulog sa damuhan.

Hindi na niya maalala ang mga sinabi ni Declan noon pero ang gist ay, “Sorry, bata ka pa. Mali ’yun. Don’t do that again. I have to go,” bago ito nagmamadaling umalis.

Pagkatapos niyon, lagi man siyang may pasalubong mula sa binata kapag umuwi ito galing America, hindi na ito tumatawag o sumusulat. Kung may mensahe man ito para sa anya, ipinapadaan na lang nito kay Quin.

Hindi naman siya manhid o tanga. Alam ni Antonella kung ayaw ng isang tao sa kanya. So she cried for him then dusted herself off and moved on.

And seven years after, she realized na hindi naman pala siya naka-move on. Nothing has changed. She was still the child who took a chance only to be rejected. Akala niya noon ni-reject siya ni Declan dahil bata pa siya. Hindi na siya bata ngayon and the bastard still rejected her!

Oh, well. Matatag si Antonella. She was going to pick herself up and dust herself off again. And she was going to move on. Again.

Puno ng mga lalaki ang *Obsidian*. She could take her pick.

## 2



Hindi siya kumatok. Itinulak na lang ni Declan pabukas ang pinto ng opisina ni Quin bago siya pumasok at ibinagsak iyon pasara. Sa kabila ng dramatic grand entrance na ginawa niya, pahinamad na nag-angat ng ulo si Quin mula sa binabasa nito sa mesa para tingnan siya. Hindi man lang ito nagulat.

“Give me three—no, give me one! Give me one f\*cking good reason why your baby sister is sitting down there with a red choker around her throat,” singhal niya pagtapat sa mesa nito.

Tiningnan lang siya ni Quin. “Do you want me to answer now o gusto mo munang kumalma?”

He wanted to punch his friend on the face. Pero sa huli ay bumuga siya ng hangin at pabagsak na naupo sa silya sa harap ng mesa. Binalikan ni Quin ang binabasa.

“She and her friends are working on their thesis. This is part of their research.”

“Thesis?”

“Yeah. Ga-graduate na si Antonella.”

Nilingon niya ang isang banda ng glass walls na nagbibigay kay Quin ng view ng club sa ibaba.

“When did she grow up?” he breathed.

Bumaling siyang muli sa kaibigan nang marinig ang mahina nitong pagtawa. “A long time ago,” sagot nito.

“Matanda na tayo, Dec. Kailangan mo nang tanggapin ’yun.”

“That’s not...” Pumalatak siya. “Alam ko ’yun. I just... hindi ko na-realize...”

He shut his mouth, sighed. Alam niya iyon, na dalaga na si Antonella. Matagal na niyang alam iyon. Matagal na nga rin siyang in denial dahil ibig sabihin wala na siyang dahilan para pigilin ang mga kahalayang halos i-wrestling niya paalis sa isip noon dahil bata pa ito. He had no business thinking about her that way. She was practically his little sister!

Nilingon niya ang salamin para panoorin ang mga ilaw sa club at ang mga taong nagsasayaw at nagsasaya. Tahimik sa opisina ni Quin sa kabila ng malakas na musika sa labas. Bahagya lang ding maririnig ang pagpulso niyon sa mga dingding at sa carpeted na sahig. Tinted din sa loob ang mga two-way mirrors kaya hindi apektado ang ilaw sa opisina. At dahil two-way mirrors nga, hindi nakikita ng mga tao ang nasa loob ng opisina.

Hindi iyon ang nag-iisang opisina ni Quin sa gusali at hindi rin nito gustong doon maglagi, pero naroon ito ngayon para maobserbahan ang club sa ibaba. Partikular ngayon.

Iyon din ang iniisip ni Declan. It might not be the best time to let Antonella into *Obsidian*.

Ilang linggo pa lamang ang nakakaraan mula nang magkaroon ng gulo sa hotel. May naganap na pagpatay at bomb threat sa *Hotel Obsidian*. Sangkot ang miyembro ng isang international terrorist group. Mas pinaigting na ang seguridad sa hotel at sa club, gayundin ang seguridad ng computer systems nila.

The thing is, to get inside the club, one has to be a member or invited by a member. Dahil sa nangyari, pinag-iisipan nilang baguhin ang patakarang iyon. They were

thinking of disallowing members from inviting other people, kahit na nga ba mas pinaigting na rin nila ang background checks. It was just becoming too risky.

Pag-uusapan pa nila. At bago pa ma-implement ang bagong sistema, hindi makakatulog nang matino si Declan pag ganitong alam niya na nagpupunta sa club si Antonella.

“She doesn’t belong here, Quin. You know that.”

“I do. Pero ano’ng gusto mong gawin ko? Tell her I won’t help her?”

Binalingan niya ito. “Bumigay ka na naman. Kaya spoiled ’yang kapatid mo, eh.”

Quin shrugged and grinned unapologetically. “She’s my baby girl. At least hindi materyal na bagay ang hinihingi niya. She wants to research what they call ‘sexual variations’ in my club, I’d let her research sexual variations in my club. Huwag lang siyang sumali sa mga kalokohan dito, hindi kami magkakaproblema.”

“Gaano katagal siya... magre-research?”

“One week starting tonight,” sagot ni Quin. “Dito muna siya habang tinatrabaho iyon.”

Nagulat, pinangingkitan niya ito. “She’s staying here?”

“She objected to her own security detail.” Nag-type ito sa keyboard. “Hindi raw siya makakakilos. Ayaw din niyang tumira sa penthouse kasama ko so we agreed to compromise. Hindi ako mag-a-assign ng bodyguard sa kanya kung hahayaan niyang may security detail siya sa club at d’un sa floor ng suite niya.”

“Balak ba niyang magtagal sa club?”

“She wants to be treated like an ordinary club goer. But I have at least two guys watching her at all times.”

Nabawasan ang pag-aalala ni Declan dahil sa nalaman, pero kaunti lang. May tiwala siya sa lahat ng mga bouncers

nila sa club, pero si Antonella ang pinag-uusapan dito. Hindi ordinaryong club goer ang dalaga. Mukhang pati siya ay mapapadalas sa *Obsidian*.

When his phone vibrated, hinila niya iyon mula sa bulsa niya at tiningnan ang mensahe.

“Duty calls,” aniya. “I’ll be at the clinic if you need me.”

Tumango si Quin at muling binalikan ang computer nito.



Nang makabalik siya sa clinic, nilingon siya ng assistant na si Allan at ng isang pasyenteng babae na mabagal at mapang-akit na ngumiti sa kanya. He grinned back.

Her name was Honey Lee Arevalo, biyuda, at kapatid ng isang bilyonaryong negosyante. She was in her late forties with a voluptuous body and a penchant for little black dresses, high heels and younger men. Hindi mahilig sa older women si Declan kaya hindi niya pinatulan ang panlalandi nito sa kanya kahit kailan. Isa pa, may fetish itong sexual act na hindi kayang sikmurain ni Declan. He was informed that she liked being “forced” into having sex.

Kahit yata gusto ni Declan ang isang babae, hindi niya pa rin kayang umarte na pupuwersahin ito, kahit na nga ba *naglalaro* lang sila. At kahit pa matinding pantasya iyon ng babaeng kaniig niya. There were just lines he would never cross.

“Good evening, sweetheart.” Kinindatan siya nito at nginitian nang malaki.

“Good evening, Miss Honey,” bati niya, kinuha ang records na iniabot ni Allan. He opened it and motioned for Miss Honey to go into the examination room. “Ano po’ng problema?”

Pinaupo niya ito sa makipot na cot bago pinag-aralan

ang notes ni Allan.

Bumungisngis na parang bata ang babae. “Well, alam mo naman ang mga gusto kong adventures.”

*Here we go again.*

Mahilig din kasi itong magkuwento. Noong una, nabigla pa si Declan nang step by step nitong ikuwento ang mga nangyari bago ito magpunta sa clinic niya. Wala itong pakialam na hindi niya kailangang malaman ang *lahat* ng detalye tungkol sa aktibidades nito sa kama bago nito na-sprain ang paa.

Natutunan na ni Declan na i-filter ang mga kuwento nito. He tuned her out until she got to the point kung saan nito natamo ang pinsala—nalaglag ito sa kama at nauntog sa gilid ng mesa.

“Mukhang nag-enjoy ka naman eh,” sabi niya.

Muli itong bumungisngis. “A bit.”

Tumayo siya para tingnan ang bukol ni Miss Honey. Sa totoo lang, puwede nang si Allan na ang tumingin dito pero lagi siyang nire-request ng babae kaya automatic nang si Declan ang nagche-check dito.

Iniangat nito ang isang kamay para kapain ang parte ng ulo nito na nauntog at nakita niya ang mga rope burns sa pupulsuhan ng babae.

“Miss Honey...” Itinuro niya ang mga pasa at sugat doon.

Tiningnan ng babae ang mga pupulsuhan nito na para bang noon lang nito napansin ang mapupulang guhit doon.

“Mukhang hindi lang *a bit* ’yang enjoyment mo.”

Walang paghusga sa kanyang tono, pero nakaramdam siya ng pag-aalala.

Muli itong bumungisngis. “Kasama na ’yun!”

Umiling si Declan. “Akin na, tingnan natin.”

Kinuha niya ang first aid kit mula sa cabinet saka binalikan si Miss Honey. Ikinuwento naman nito sa kanya kung paano nito nakuha ang mga rope burns na iyon. Alam na ni Declan iyon. Miss Honey also liked to be tied up.

Sa totoo lang, hindi na siya nagugulat. Matapos ang ilang taong pagtatrabaho sa *Obsidian*, BDSM seemed like the tamest of the sexual acts he had been made aware of kahit labag sa loob niya. Expert na rin siya sa sinasabi ni Quin na “sexual variations” na nire-research ni Antonella kahit hindi pa niya personally nae-experience.

Matapos niyang lagyan ng gamot ang mga pupulsihan ng babae at matignan ang bukol nito sa ulo, inihatid na niya ito sa pintuan ng clinic.

“Uwi ka na ba niyan?”

“Oh, no. Dito ako ngayong weekend. Alam mo naman itong club ninyo ni Quin. Addiction ko ito. Maghahanap pa ako sa bar ng iaakyat.” She winked at him and leaned up to kiss his cheek bago siya kinawayan at tuluyang umalis.

Napailing si Declan bago siya bumalik sa clinic.

“Sino’ng boyfriend ngayon ni Miss Honey?” tanong ni Allan. Lumingon ito sa kanya mula sa pag-aayos ng mga files sa file cabinet.

“Don’t know, didn’t ask.”

Tumawa ito at umiling bago binalikan ang ginagawa.

“May iba pa bang problema?” tanong niya, at bumalik na sa kanyang mesa.

“Nope, si Miss Honey lang. At ipinadala pala ni Eric mula sa bar ’yang Piña Colada. Hindi mo na raw kasi nainom.”

Noon niya napansin ang isang baso na basa sa condensation na may lamang dilaw na inumin at may garnish pang orange slice, pineapple wedge at isang

maraschino cherry.

Natawa siya, sa isip ay tahimik na nagpasalamat sa bartender. Tinikman niya ang inumin. “Ang sarap!” sabi niya. itinataas pa ang baso para ipakita iyon sa assistant. “Nag-break ka na ba? Mag-break ka na muna. Patimpla ka ng ganito kay Eric.”

“Non-alcoholic ba ’yan?”

“Oo. Fruit juice lang.”

“Okay. Kakain na rin muna ako.”

Nang mag-isa na lang siya sa clinic, hinarap ni Declan ang computer niya pero hindi niya binasa ang nasa screen. Sa halip, dumaan sa isip niya si Antonella na naka-ponytail at denim jumper noong bata pa ito at ngayon in her sexy clothes and mature makeup.

His body throbbed to life.

And that was why he didn’t want Antonella there. Araw-araw siyang gagambalain ng presensya nito sa *Obsidian*, mas matindi pa sa paggambala ng alaala ng kinse años na dalagita noon na inosenteng nanghalik sa kanya.



Nakasimangot pa rin si Antonella sa cocktail glass niya na may laman pang Cosmopolitan. It wasn’t bad. Hindi lang talaga siya mahilig sa cocktails. Dapat pala juice na lang ang inorder niya. Sa kagustuhan kasi niyang magmukhang sophisticated...

Nagre-replay sa utak niya ang tagpo kanina sa pagitan nila ni Declan. Inis na inis siya kasi pakiramdam niya sayang lang ang effort niyang magpaganda. Hindi pa kasi niya matanggap-tanggap na kahit ano ang gawin niya, baby sister ang turing sa kanya ni Declan. Umaasa pa kasi siyang kapag nagbihis-dalaga siya, eh, makakalimutan nitong ipinagtitimpla siya nito ng gatas noon bago siya hayaang



maupo sa kandungan nito para doon matulog.

And that was at best, ha. At worst, he thought it would be incest. Well, damn it! Hindi sila magkadugo, okay?

Napalingson siya kay Susan nang sikuhin siya ng kaibigan. Isa rin ito sa mga groupmates niya sa thesis nila. “Yun ba si—?”

Bumuntong-hininga siya at tumango. Alam kasi nito ang tungkol kay Declan. Bukod sa pagiging magkaklase, ito rin ang best friend niya. Dahil maraming pagkakapareho sa interes at ugali, mabilis silang nagkasundo at naging matalik na magkaibigan noong unang araw na nagkakilala sila.

Gayunpaman, protective siya kay Susan. Mas sweet kasi ito sa kanya. mas inosente, mas gullible.

Nagdalawang-isip nga siya sa thesis topic nila dahil doon. Parang masyadong risqué ang topic ng sexual deviations para sa isang baby angel na tulad ni Susan.

Gayundin para sa isa pa nilang groupmate na si Jerome. Guwapo ito at matalino, at kung titingnan ay parang teleserye heartthrob. Iyon ay bago ito magsalita. Dahil kapag kinausap na ito ng mga babae, nagba-blush na ito, natataranta at natatameme. Ang pagiging dork nito ang dahilan kung bakit kinaibigan ito ni Antonella. Ganoon yata talaga siya. Naghahanap ng aalagaan.

Sa kasalukuyan, parang na-shell shock ang binata habang nakatingin sa mga naghahalikan sa paligid nila. It was cute.

“Ang guwapo pala niya talaga,” buntong-hininga ni Susan, si Declan ang tinutukoy. “Did it work?”

*It meaning ang balak niyang magpapansin dito.*

Bumuntong-hininga si Antonella at lumabi. Hindi na niya kailangang sabihin kay Susan. Lumabi rin ito at tinapik-tapik siya sa likod.

Noon sila muling hinarap ni Jerome na namimilog ang mga mata sa malamlam na ilaw ng bar. “I think the couple at the corner is... uhm.”

Kung maliwanag siguro ang ilaw, makikita nilang namumula ang mukha nito. Nang sabay nilang binalingan ni Susan ang tinutukoy nito, sumatsat ang binata. “Huwag ninyong tingnan!”

“We’re here to study them, Jer,” bumubungisngis na paalala ni Susan. “And speaking of which...”

Inilabas na nito ang *iPad* nito para sa alam ni Antonella ay isang checklist. Hindi makakakilos si Susan nang walang checklist. Napangisi siya kahit masama pa rin ang loob niya kay Declan. Paano kasi they were actually having a group meeting in the middle of a bar!

“Bigyan n’yo ako ng write up ng observations ninyo mamaya, ha. You can just e-mail it to me. Also, Antonella, ’yung interviewees? Sure kang set na tayong bukas?”

“Yes po,” natatawa niyang sagot. “Nag-follow up na ako and they promised they’d be here.”

Tumango nang isang beses si Susan, ticked off items from her list then put her *iPad* back in her bag.

“Now,” sabi ni Antonella. “Ready na kayong lumipat sa club?”

Excited na tumango si Susan samantalang huminga naman nang malalim si Jerome na para bang nag-iipon ng lakas ng loob. Sa huli ay tumango rin ito.

“Okay,” sabi niya. “Let’s go!”



That had been hilarious.

Na-trauma yata sina Susan at Jerome. Kung sa mga naghahalikan sa bar area ay naiskandalo na ang dalawa, akala ni Antonella ay kakailanganin niyang um-order ng

holy water at Bibles nang masaksihan ng mga ito ang mga nagaganap sa *Club Obsidian*.

The couple sitting at the booth beside theirs were obviously feeling each other up. At nang sumuot na sa ilalim ng mesa ang lalaki at bigla na lang tumirik ang mga mata ng babae, nagkatinginan na lang silang tatlo bago sabay-sabay na tinungga ang single shot ng tequila na napagkasunduan nilang drink limit nila nang gabing iyon.

At nang magkaayaang umuwi, sinamahan niya ang dalawa sa entrance habang hinihintay na iikot doon ng valet ang *Jaguar* ni Jerome.

“Okay lang kayong dalawa?” tanong niya. Natatawa siya dahil parehong malayo ang tingin ng mga kaibigan at halatang malalim ang iniisip.

Si Susan ang unang sumagot na okay lang ito. This time, nakita na niya ang pamumula ng mukha nito pero nagniningning din ang mga mata. Likas din kasing curious si Susan kaya alam ni Antonella na kahit kakaiba ang experience, ie-explore iyon ng kaibigan.

Tahimik lang si Jerome. Nag-aalalang baka pinagsisisihan na nitong pumayag ito sa thesis topic nila, inabot niya ang braso ng binata. Parang nagulat na nilingon siya nito, seryoso ang ekspresyon sa mukha at matalim ang mga mata.

“Are you okay?” tanong niyang muli.

Tipid itong ngumiti. “Yeah. Sorry. Your brother has an interesting place.”

“Oo, interesting talaga siya,” sabi ni Antonella. “Hindi mo pa naman pinagsisisihang nagpunta ka?”

“No!” Tumawa ito. “No. Kakaibang experience ’to. Thank you for inviting me. It was...” Huminto ito na para bang iniisip ang tamang salita para ilarawan ang karanasan.

Sa wakas ay nagsalita ito. “Eye-opening.”

She smiled up at him. “Yup. It definitely is.”

Nakita nilang paparating na ang *Jaguar* ni Jerome.

“Are you sure na dito ka matutulog?” tanong ni Susan. Naglakad sila palapit sa sasakyan.

“Oo, para may full *Obsidian* experience ako.” Though a full experience would mean having sex with someone in the hotel... Bigla niyang naisip si Declan. She shook her head at herself. “Kayo ba sure na uuwi kayo? Puwede pang magbago ang isip n’yo. I have a suite. Kasya tayong tatlo d’un.”

Tiningala muna ni Susan ang hotel bago siya muling tiningnan. “Puwedeng makitulog ng isang araw?”

“Kahit pa whole week. Just let me know when.”

Binalingan ni Susan si Jerome. “Gusto mo mag-sleepover dito ng weekend? Para pag-usapan natin ’yung thesis?”

Tumango ang lalaki.

Niyakap siya ni Susan at hinalikan siya sa pisngi bago ito sumakay sa kotse ni Jerome.

“Ingat kayo, ha,” sabi niya sa lalaki nang isara nito ang pinto ng passenger side para kay Susan. “Text me when you get home. Puntahan n’yo na lang ako bukas ng four ng hapon dito para sa mga interviews, okay?”

“All right.” Tumungo ito para halikan siya sa pisngi bago ito naglakad papunta sa driver’s side. Kumaway ito sa kanya bago tuluyang sumakay ng kotse at pinanood niyang lumayo ang *Jaguar* bago siya muling umakyat patungo sa front doors ng hotel.

Binuksan ng nakangiting doorman ang pinto para sa kanya at binati niya ito bago siya pumasok. Papunta na si Antonella sa elevators para umakyat sa silid niya nang mapahinto. It wasn’t even midnight yet. Maaga pa. At

hindi ba gusto niyang mag-observerba? She'd bet wala pa sa kalingkingan ng nakita nilang magkakaibigan ang mga nangyayari kapag full swing na talaga ang gabi.

Umikot siya at muling naglakad patungo sa hotel entrance ng *Club Obsidian*. She'd get another drink, sit at the bar and observe.



## 3



**D**umerecho sa bar si Antonella para umorder ng isang virgin margarita dahil ayaw na niya ng may alcohol. She ordered from the bar right at the club at hindi doon sa dining area. Mas gusto sana niya sa huli dahil mas tahimik nang kaunti at masayang kausap si Eric kaya lang mas may action rito.

Even before her drink was placed in front of her, napansin na niya ang isang lalaking nakatingin sa kanya mula sa isang booth. Ngumiti ito sa kanya nang magtama ang kanilang mga mata.

Sa kabila ng bravado at ng kung anu-anong sinasabi niya sa sarili, nataranta si Antonella. Hindi naman kasi talaga siya sanay sa mga ganito. She ended up smiling shyly at him before quickly turning back to the bar to get her drink.

*Oh, my God! Ano'ng gagawin ko kapag lumapit ang lalaking 'yun?*

She jumped in her seat and almost choked on her drink when someone did sit beside her. Pero bago pa niya ito lingunin, alam na niya kung sino ang lalaki. Bumuntong-hininga siya.

“Ikaw na naman?” she told Declan in exasperation.

Umismid ito bago kinuha ang atensyon ng bartender at umorder ng bottled water.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” asik niya.

Sinulyapan siya nito. “Ako? I’m relaxing. Naka-break ako. Ikaw? Ano’ng ginagawa mo rito? Isn’t it past your bedtime?”

Doon siya napikon. “F\*ck off.”

Nanlaki ang mga mata nito. “Alam ba ng mommy mo na ganyan ka magsalita?”

Hinarap niya ito. “Bakit ba, Declan? Ano ba’ng nakukuha mo sa ginagawa mong pang-aasar sa ’kin? Is this a manifestation of insecurity? Are you trying to convince yourself na bata pa ako para hindi mo maramdaman na matanda ka na?”

The amusement in his eyes disappeared in a flash.

“Bata ka pa talaga, Antonella. It doesn’t matter how you dress or how adult you try to act, you’re young. And you’re too innocent to be here.”

She rolled her eyes at binalikan niya ang inumin. “Sinabi mo na ’yan kanina. At salamat sa concern, Lolo, but I think kailangan mo nang iwan sa Stone Age ’yang mga paniniwala mo.”

He snorted. “Of course that’s a very mature argument.”

“As if you’re being mature.” Kinuha niya ang margarita niya at nagsimulang tumayo. She didn’t have time for this. Pero hinawakan ni Declan ang braso niya.

“Saan ka pupunta?”

“Despite it not being any of your business,” she spat out, “I’ll tell you. I’m going to go to that guy at the table over there and I’m going to flirt with him because I’m pretty sure that, unlike you, he’s going to take me seriously.”

Humigpit ang hawak ni Declan sa braso niya at nakita niyang nagdilim ang ekspresyon sa mukha nito at tumalas ang mga mata.

“No, you’re not,” mariin nitong saad sa pagitan ng nagngangalit na mga ngipin.

“Why don’t you try and stop me?” hamon niya.

Bago pa siya makalayo, tumayo na rin si Declan.

Napasinghap siya nang magdikit ang kanilang mga katawan. He wore a simple white button-down polo shirt and jeans. Nadama niya ang matitigas na tipak ng kalamnan sa dibdib at sikmura nito, gayundin ang katigasan ng maskulado nitong mga hitang nakadikit din sa kanya. Nadarama niya ang init ni Declan at sa lapit nila sa isa’t isa, she could smell his clean, heady, masculine scent.

And because her breathing quickened, she couldn’t quite control the press of her breasts against his chest. Hindi rin iyon nakatakas sa atensyon nito. His eyes went down to her cleavage, and heat flared in their brown depths as he studied her soft, pale skin. Her breasts started to ache until they felt hot and heavy, until all she wanted to do was to rub them against him.

Nagbalik sa mukha niya ang mga mata ni Declan at puno na iyon ng galit. “Hindi para sa mga katulad mo ang lugar na ’to, Antonella. Don’t make the mistake of thinking that it’s safe here. The people here are not *boys*.” Mapangutya nitong sinabi ang huling salita.

“May mga pangangailangan silang hindi mo kayang isipin at mas lalong hindi mo kayang ibigay. At kung sa tingin mo iingatan ka nila dahil inosente ka, nagkakamali ka. The men here prey on the innocent. Walang puwang dito ang romantic dreams mo dahil hindi dito nagpupunta ang mga taong naghahanap ng romance.

“Sex ang pakay ng mga tao rito, Antonella. They come here for a good f\*ck. At alam kong hindi ’yun ang ipinunta mo rito. So observe people, do your research and finish your



thesis, then leave and never look back. It will be better for all of us.”

Her own eyes flared with passion pero hindi dahil galit siya. For some weird reason, his angry tirade aroused her. She bared her teeth at him in a predatory smile of her own.

“Sa tingin mo hindi ko alam ’yun, Declan? Hindi ako tanga. And as I keep telling you, hindi ako inosente. I know exactly what I was asking for when I asked Kuya Quin to give me access to *Obsidian*.” At ngayon, nagpasya siyang sabihin na rito ang totoo. “I didn’t come here just for the thesis, Declan. I came here for sex. I came here, specifically, for sex with *you*.”

This time, his mouth dropped open and he released her like she’d burned him, then stepped away from her. Parang bigla siyang gininaw nang mawala ang init ng katawan nito. Nadagdagan ang inis niya dahil biglang bumalik sa alaala niya noong una niya itong hinalikan at nagmamadali siya nitong nilayasan. Kapag ginawa iyon ulit ni Declan ngayon baka ibato na niya rito ang pinakamalapit na baso.

“Yeah, you heard me,” she all but snarled at him. “I was going to seduce you and finally get you to sleep with me pero mukhang ayaw mo naman. Too bad because I have my sights set on you.” She shrugged “Oh, well. Hindi kita puwedeng pilitin. No harm, no foul. But you can’t have it both ways, Declan. Kung ayaw mong makipaglaro sa ’kin, pabayaang mo akong makipaglaro sa iba.”

She was lying through her teeth because the hell she was sleeping with someone else dahil lang ni-reject siya ulit ni Declan. Hindi siya ganoon. Eleven years na siyang in love sa lalaki. Hindi siya nag-boyfriend dahil gusto niyang ito ang maging first niya sa lahat. First kiss, first love, first guy she would ever sleep with... In fact, she wanted him to be her

last, too.

Desperada na siya kaya niya sinabi ang mga iyon at naghanda na rin siya dahil alam niyang kilala siya ni Declan. He was going to see through her bluff.

Kaya nagulat siya nang biglang magliyab ang mga mata nito pagkatapos ay sinapo nito ang batok niya.

“You want to play?” he hissed. “Then, you’re playing with me.”

And then, he kissed her.



That kiss felt like a long drink of water after nearly dying of thirst. It felt like food after starvation. Music the first time you heard it. Light after going blind.

Humigpit ang mga daliri ni Declan sa buhok ni Antonella nang maglapat ang kanilang mga labi at kumalat ang lasa nito sa kanyang sistema. His mouth moved over hers but he didn’t need to coax her to part her lips. She did it voluntarily to welcome the thrust of his tongue.

Sinapo niya ang mga pisngi nito. He used his body to maneuver her so that he could press her against the bar as he licked into her mouth. She moaned then slid her hands up his shoulders into his hair as he sucked on her tongue.

Parang hindi siya makahinga. Nahihilo na siya. He had been sexually active for half of his life pero ngayon lang niya naranasan itong parang internal combustion, iyong biglaang pagniningas ng apoy sa sikhura niya. His body throbbed painfully as he fought to keep himself from thrusting against Antonella.

She had to keep still. He felt like one wrong move would snap his control and he’d lift her up unto the bar and f\*ck her right there. Wala iyon sa personalidad niya. He was not an exhibitionist, and he knew, even if he had been, he wouldn’t

do that to her.

As a matter of fact, she was not a woman one f\*cked. She was the type you made love to, sweetly and carefully, in the candlelight, under the covers. Hindi ito iyong tipong minomolestya sa bar sa harapan ng maraming tao.

Napamura si Declan. He tore his mouth from hers and pressed his forehead against hers. “Antonella—”

“Don’t,” she said shakily. “Don’t apologize. Don’t say anything. Sasaktan mo lang ako kapag may sinabi ka pa.”

Walang nagawa si Declan kundi hilahin ito sa batok hanggang sa nakadikit na ang pisngi nito sa dibdib niya. Tensyonado ang katawan nito at hinaplos ni Declan ang likod ng dalaga hanggang sa madama niyang nag-relax ito at tuluyang humilig sa kanya. Hindi niya alam kung bakit para siyang nabunutan ng tinik nang maramdaman ang pagsuko nito.

Bahagya niya itong inilayo sa kanya at inilapat ang mga labi sa noo nito. “Please don’t do this, Antonella,” bulong niya sa tainga nito.

She stroked the back of his neck with the tips of her fingers at nanindig ang mga balahibo niya sa init na kumalat sa kanyang katawan. Tiningnan siya nito nang derecho sa mga mata.

“It’s my choice, Declan,” tahimik nitong saad.

Alam niyang hindi niya mababago ang isip nito. She had always been stubborn and had always known what she wanted. If she planned on sleeping with someone, she *would* do it. And he would rather she did *it* with him than with anyone else.

Sigurado lang ni Declan na ikamamatay niya iyon. Either sa matinding ligaya o dahil papatayin siya ni Quin. Ang totoo, magtataka siya kung hindi pa sila nito nakita

mula sa isa sa mga monitors sa opisina nito.

Hinagip niya ang kamay ni Antonella na nasa batok niya at mariin iyong pinisil bago niya ito iginiya patawid ng club. Inakbayan niya ang dalaga nang dumaan sila sa isang grupo ng mga nagsasayaw. Dumerecho sila sa pintuan palabas sa private elevators.

“Saan tayo pupunta?” tanong nito nang makalabas sila.

“Ihahatid na kita sa suite mo.”

“Dec—”

“Huwag nang matigas ang ulo, Antonella,” putol niya sa sasabihin nito. “You don’t just tell me something like that and expect me to go with the flow. Hindi ako gan’un.”

“Yeah, you think too much,” reklamo nito, nakasimangot sa digital display sa itaas ng elevator.

“You know me,” tiim-bagang niyang saad. “Even before you told me you came here to have sex with me, you know me. Which means you’ve decided to overlook my flaws and sleep with me anyway. Kaya pagbigyan mo ako kung sasabihin ko man ngayon na kailangan kong pag-isipan ’to.”

Pumalatak si Antonella at humalukipkip. “Ba’t di na lang kasi ibang lalaki ang nilapitan ko.”

“Kasi nga ako ang gusto mo.”

She rolled her eyes. “Kasi ikaw ang kilala ko. And that’s an oversight that can easily be remedied, in my opinion.”

Nagtungo sa likod nito ang isa niyang palad at nadama niya ang biglang pag-igting ng katawan ng dalaga. He stroked up her back to cup the nape of her neck in a way that was both gentle and dominant. Lumapit siya rito at idinikit ang dibdib sa likod nito bago tumungo para halikan ang kurba ng leeg nito.

“You want to do this? We’re doing this. But we’re doing this my way,” saad niya sa bandang tainga nito. Her only

reply was a shiver of arousal. He bit her earlobe before lifting his head once more and ushering her into the elevator.

Tahimik silang umakyat sa palapag kung saan naroon ang tinutuluyang suite ni Antonella. Nakapamulsa si Declan at nakakuyom ang mga kamay niya sa loob ng suot na jeans.

Magsisinungaling siya kung sasabihin niyang kahit minsan ay hindi niya pinagnasaan si Antonella noong nagsimula na itong magdalaga. Kaya nga siya kumaripas ng takbo palayo noon—dahil bata pa ito at wala siyang karapatang pag-isipan ito ng mga kahayupang posible niyang maisip noon. She had only been fifteen, damn it! His crush on her back then made him feel like a dirty old man. Ngayon nga parang ganoon pa rin ang pakiramdam. Compared to her, he *was* an old man.

At maling-maling-mali pa rin ito sa palagay niya. Respeto na lang sana kay Quin at sa mga Tanseco na itinuring na siyang parang tunay na anak. Walangyain daw ba ang prinsesa ng mga ito...

“Kung ayaw mong makipaglaro sa ’kin, pabayaan mo akong makipaglaro sa iba.”

F\*ck that.

Kung siya ang masusunod, game app lang sa phone ang lalaruin nito habang nasa loob ito ng *Obsidian*.

The thing is kung hindi niya naagapan, ibang lalaki sana ang naunang naupo sa tabi nito sa bar kanina at baka iyon pa ang kasama nito ngayon sa elevator. Malay ba niya kung seryoso ito nang sabihin ang balak na *pakikipaglaro* sa iba.

And f\*ck that, too. He wasn’t going to allow any other man to touch her.

Nang dumating sila sa palapag ng suite ni Antonella, pinauna niya itong lumabas ng elevator. Binati nito ang bodyguard na naka-assign sa floor nito at tinanguan naman

ni Declan ang lalaki bago sinundan si Antonella. Huminto sila sa tapat ng suite at tiningala siya ng dalaga.

“Go inside. Bukas na natin ’to pag-usapan. And don’t go down to the bar anymore. I’ll know if you do.”

Humarap ito sa pinto at hinanap ang susi sa loob ng dala nitong handbag. “Hindi na ako bababa dahil pagod na ako, hindi dahil sinabi mong huwag akong bumaba. Besides, I should have stuck to my original idea that men are too much trouble.” She slid the key into the electronic lock and opened her door. Then she looked up at him. “I really should have stuck to my vibrator.”

Alam niyang binanggit iyon ni Antonella just to get a rise out of him. And it did, both literally and figuratively. Muling bumaba sa pagkalahati ni Declan ang lahat yata ng dugo niya sa ulo nang biglang dumaan sa utak niya ang imahe ni Antonella habang ginagamit nito ang sinasabing vibrator.

Nanatili siyang cool sa kabila ng rumaragasang apoy sa dugo niya, at sa kabila ng inis na iniisip yata ni Antonella na kayang ibigay rito ng isang battery-operated toy ang mga ibibigay niya rito.

Iyon ay kung papatulan niya ang kabaliwan nito.

Right. As if tatangi siya.

“Go ahead. I know that when your little vibrator makes you come, you’d be screaming my name anyway.”

Hindi niya napigilan ang pagtawa nang pumasok ito ng suite at pinagsarhan siya ng pinto. He grinned at her closed door but that grin slowly faded when the enormity of what he had gotten himself into caught up with him.

Kailangan niyang pag-isipan ito. Kailangan niyang labanan.

*Damn it, Declan! Labanan mo!*

Okay. Tama nang laban 'yun. Suko na siya.

He really was going to do this, wasn't he? He really was going to sleep with his best friend's little sister?

The little sister he had secretly loved and had been lusting over since she had been way too young to be lusted over by a man his age.

F\*ck. He was in over his head and he was pretty sure he was going to drown. At sa lahat ng taong nalulunod, siya lang yata ang nakangisi.

